“Pagbabakal na Pagpapatibay para sa Konstruksiyon at Dugtungan”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

nahinang gamit ang presyon na dugtungan / mekanikal na dugtungan na trabaho

(1) Ang detalyadong atensyon ay kailangan sa pressure welding o paghinang gamit ang presyon dahil sa nauugnay dito ang mga mapapanganib na madaling magliyab na materyales!

Aktwal na nagaganap ang mga aksidenteng pagsabog!
Tiyaking siyasatin ang mga cylinder at kagamitan bago simulan ang trabaho!

Ang tamang paraan ng paglipat ng cylinder

* Huwag pasanin o pagulungin ang tangke!

Ang tamang paraan ng pagpapatayo ng mga cylinder

* Patayuin sa patag na lugar para maiwasan ang pagtumba o pagkakahulog!
* Itali ang mga cylinder gamit ang band, kadena, atbp. para maiwasan ang pagtumba!
* Iwasan ang sinag ng araw, at i-install nang may fire extinguisher sa malapit.



Itayo nang may nailaang band

Patayo at matatag na lugar

(2) Mag-inispeksiyon kung may tagas na gas bago simulan ang trabaho sa paghinang gamit ang presyon

* Suriin kung may maluluwag at deposito sa mga fitting ng hose!
* Suriin kung maluwag ang bawat balbula!
* Tiyaking wala pumipitong tunog pagkatapos na mabuksan ang cylinder!
* Gumamit ng tubig na may sabon para masuri ang mga tagas ng gas sa bawat bahagi ng mga fitting!



Huwag kalimutang suriin ang suction

* Tanggalin sa blowpipe ang hose ng acetylene, buksan ang balbula ng oxygen, at tiyaking mahihila ang iyong kamay sa inlet ng acetylene gas! Tiyaking gawin ito dahil maaaring magdulot ito ng sunog!

(3) Unang kaso ng aksidente sa trabaho ng paghinang gamit ang presyon



Sitwasyon ng kaganapan

Ang mga guwantes ay naipit sa pagitan ng pangkaligtasang takip at grinding wheel noong sinusubukang iikot ang katawan habang pinapakinis ang dulo ng reinforcing bar, at nasugat ng umiikot na grinding wheel ang pulsuhan. Habang umiikot ang grinding wheel, sinubukan ng trabahador kumilos habang gumagana ang grinder.

Mga bagay na susundan

Suriin ang mga mapanganib na punto bago simulan ang trabaho gamit ang grinder!

1. Huwag kailamang aalising ang pagkakatitig sa blade kapag umiikot ang grinding wheel.
2. Kapag nagsasagawa ng anumang operasyon maliban sa pagpapakinis/pagpapakintab, tiyaking patayin ang switch at patayin ang grinder.

(4) Kaso blg. 2 na aksidente sa trabaho ng paghinang gamit ang presyon



Sitwasyon ng kaganapan

Sa panahon ng oras ng paghinang ng mga column gamit ang presyon, ang bakal na pangsuporta sa column at crimp na suporta ay nawala sa posisyon, at tumagilid ang poste. Noong pinaluwagan ng trabahador ang nakahigpit na turnilyo para itama ang pagtagilid, nahulog ang column at naipit ang kanyang daliri sa pagitan ng suporta at pampatibay na bakal. Mag-isang itinatama ng biktima ang pagtagilig ng column bar.

Mga bagay na susundan

1. Kapag iyong itinatama ang column at crimp na suporta, isagawa ito nang may dalawang tao!
2. Bumuo ng work flow para maiwasan ang pag-aapura ng trabahador.
3. Muling isaisip ang “May kumplikasyon sa trabahong nakasanayan mo na.” at tandaan ang iyong orihinal na pakay sa araw-araw.

(5) Kaso blg. 3 na aksidente sa trabaho ng paghinang gamit ang presyon



Sitwasyon ng kaganapan

Habang pinuputol ang dulo ng bakal sa column sa taas ng mata gamit ang right-angle na cold cutting machine, napuwing ang mata ng biktima ng tilamsik ng bakal. Isinagawa ng biktima ang trabaho nang walang pangkaligtasang salamin sa mata.

Mga bagay na susundan

1. Kung ang taas ng pagdudugtungan ay mataas, gumamit ng naililipat na patungan, atbp.
2. Gumamit nang tama ng pamproteksiyong salamin sa mata.
3. Iwasan ang mga pagtayo sa pinagbabagsakan ng mga steel chip.

(6) Unang kaso ng aksidente sa trabahong mekanikal na paghinang na dugtungan



Sitwasyon ng kaganapan

Sa oras ng mekanikal na pagdugtong ng isasailalim na biga, dahil sa ang pangunahing pangsuportang bakal ng biga ay hindi mailagay nang maluwang sa nakasukat na posisyon, ang daliri ay naipit sa binuong nakatayong pampatibay ng footing at isang pangsuportang bakal. Ang dalawahang taong trabaho ay nangangailangan ng magandang kumbinasyon, ngunit, hindi sila sumigaw at hindi nila napagsabay ang pagtira nila.

Mga bagay na susundan

1. Kapag ang dalawa o higit pang tao ay magsasagawa ng parehong trabaho, sumigaw at palapitin ang bawat isa.
2. Magtrabaho sa posisyong walang magaganap na pinsala kahit na gumalaw ang materyales sa hindi inaasahang oras.

(7) Kaso blg. 2 na aksidente sa trabahong mekanikal na paghinang na dugtungan



Sitwasyon ng kaganapan

Sa oras ng paghigpit ng tuwerka sa dugtungan ng pangunahing pangsuportang bakal, ang hook ng liyabeng pantubo na humahawak ng coupler ng dugtungan ay lumuwang at mabilis na tinamataan sa mukha ang trabahador.

Mga bagay na susundan

1. Tiyaking ang liyabe ng tubo at ng pan-torque na liyabe ay maaayos na naikabit bago maglagay ng puwersa.
2. Para makuha ang tamang taas para sa trabaho, gumamit ng naililipat na patungan, atbp.
3. Magtrabaho nang palaging hinuhuna (hinuhulaan) ang pinakagrabeng kaso na maaaring mangyari.

(8) Mga pag-iingat para maiwasan ang mga pinsala sa trabahong paghihinang gamit ang presyon at mekanikal na paghinang na dugtungan (buod)

- Ang maingat na atensyon ay kailangan sa paghihinang gamit ang presyon dahil sa gumagamit ito ng mga madaling magliyab na mapanganib na materyales!
- Dapat na naipatayo ang mga tangke ng gas nang hindi matutumba dahil sa panginginig, atbp.!
- Bago simulan ang trabahong paghihinang gamit ang presyon, tiyaking magsagawa ng inspeksiyon bago ang trabaho at kumpirmahin na maaayos ang lahat!
- Ingatang hindi makain ng grinder ang mga guwantes!
- Mag-ingat dahil may maraming aksidente na maaaring maganap kapag mahuhulog o tatagilid ang pangunahing pampatibay na bakal sa column!
- Mag-ingat sa mga lumilipad na mga maliliit na piraso kapag pinuputol ang mga pangunahing pampatibay na bakal sa column!
- Ang trabahong isinasagawa nang tulungan ng maraming trabahador nang sabay-sabay, tulad ng paglipat ng mga mabibigat na bagay, ay madalas na humahantong sa aksidente!
- Maraming aksidente ang nagaganap sa pagpupuwersa sa liyabe ng tubo, kaya maging maingat kapag ginagamit ito!

Ang mga madaling magliyab na mapanganib na materyales ay ginagamit sa paghihinang na presyon ang ginagamit! Palaging magsagawa ng pag-inspeksiyon sa simula at gawing ligtas ang pagtatrabaho gamit ang mga tinukoy na pamproteksiyong kagamitan! Mag-ingat sa mga pinsala sa mga de-kuryenteng rotary tool at pagkakapaso sa pagkakasagi sa pinagdugtungan na naihinang gamit ang presyon!